# KAPASIYAHAN BLG. 2026-10

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 2, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY BONGA MENOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN DALAWAMPU'T DALAWANG LIBO, DALAWANG DAAN LABING DALAWANG PISO AT SIYAMNAPUNG SENTIMO (₱122,212.90)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Bonga Menor, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱122,212.90;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Bonga Menor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Bonga Menor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan..

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2, S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Bonga Menor, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget) para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Isang Daan Dalawampu't Dalawang

Libo, Dalawang Daan Labing Dalawang Piso at Siyamnapung Sentimo (₱122,212.90).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wayner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal B. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim